## Seksyon 8: Pagpapa-alam at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Hinahangad ng Pampublikong Kalusugan na palaging isangkot ang mga miyembro ng komunidad at mga kapartner na organisasyon sa lahat ng pagsisikap na mawala ang mga agwat sa mga resulta sa kalusugan at mapabuti ang kalusugan ng lahat na nakatira, nagtatrabaho, at naglalaro sa Los Angeles County.

### *Patakaran sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad*

Patakaran 407sa Kalusugan ng Publiko: Patakaran sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad "*... sinisiguro ang koordinado at estratehikong planadong pakikipag-ugnayan sa komunidad sa lahat ng mga pagsisikap sa programa upang ipakita ang isang kultura ng organisasyon na patuloy na tumutugon sa mga pangangailangan, prayoridad, pagpapahalaga, at alalahanin ng publiko.* "

Ang patakaran ay nag-uutos sa lahat ng mga programa sa Pampublikong Kalusugan na gamitin ang Pagpapatuloy ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad (Continuum of Community Engagement) sa kanilang pagpaplano ng programa, upang suriin at idokumento ang mga aktibidad sa pakikipag-ugnayan sa komunidad taun-taon, at sundin ang isang itinakdang pamamaraan para sa pakikipagtulungan sa mga aktibidad sa Pampublikong Kalusugan. Binabalangkas ng patakaran ang apat na antas ng pakikipag-ugnayan:

- Pagkonsulta: Ang impormasyon ay ibinabahagi sa, at ang komentong tugon (feedback) ay kinakalap mula sa, komunidad upang ipagbigay-alam ang mga desisyon.
- Pagsasangkot: may pagpapalitan ng impormasyon sa komunidad, na ang pakikilahok ay bahagi ng pagbuo ng programa
- Pakikipagtulungan: Kasama ang isang mataas na antas ng pakikipagtulungan at pagbabahagi sa paggawa ng desisyon sa komunidad.
- Pinagsasaluhang Pamumuno: Nagtatatag ng pakikipagpartner sa komunidad na kasama sa paggawa ng desisyon.

### *Pangkat ng Manggagawa para sa Katarungang Pangwika (Language Justice Workgroup)*

Ang Pangkat ng Manggagawa para sa Katarungang Pangwika (Language Justice Workgroup) ay nilikha noong 2021 upang payuhan ang Pampublikong Kalusugan sa mga paraan upang mapabuti ang mga serbisyo para sa mga lubos na naapektuhang komunidad na may mga hadlang sa pagkakaroon ng akses sa wika. Kabilang dito ang pagtugon sa mga hamon sa pagpapatakbo na may kaugnayan sa pagbuo at pagpapalaganap ng mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong sa pagtugon at pagbangon mula sa COVID-19 na naaangkop sa kultura, wika, at literasiya.

Ang Pangkat ng Mangagawa (Workgroup) ay patuloy na nakikipagpulong sa Sentro para sa Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan, Yunit ng Katarungang Pangwika (Center for Health Equity Language Justice Unit) upang palakasin ang imprastraktura ng Pagkakaroon ng Akses sa Wika ng Pampublikong Kalusugan. Ang pangkat ng manggagawa (workgroup) ay nagpupulong tuwing ikatlong buwan at binubuo ng 14 na mga pinuno mula sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad na may karanasan at kaalaman sa mga komunidad na may kinalaman sa wika.